History of Barangay

Barangay POROC

Ayon sa aming pagtatanong at pagsasaliksik kung paano ang barangay Poroc ay nabuo, noong unang panahon ang barangay Poroc ay binubuo ng siyam na pamilya na may nakatirik na bahay nalabinglimang kabahayan na magkalayo-layo na tinatawag na Purok-purok.At ayon pa sa mga matatanda na ang Barrio Poroc ay parang sitio ng Barrio Estipona dahil lahat ng matatanda tuwing sasapit ang eleksiyon mapa – national o local ay sa Barrio Estipona bumubuto, kaya hanggang sa dumami na sila at nagkaroon na sila na tumayong Leader o namuno o na tinawag nilang na Kapitan del Barrio at kasabay nito lumabas at nabuo na tinawag niang barrio poroc at ang unang naging kapitan Del Barrio ay si Ginoong Juan Pontanilla at ito ang pinakamalayong barangay at pinakamaliit na nasasakupan ng munisipalidad ng bayan ng pura na may kabuuang sukat na lupa ng isdaan – walong(8) ektarya.

PISIKAL NA ANYO

- Lokasyong Pangheyograpiya *(Geographical Location)*

Ang Barangay POROC ay humigit kumulang ANIM na kilometro mula sa kabayanan ng Pura. Ito ay napalilibutan ng mga sumusunod na barangay:

Hilaga *(North)*	:	Barangay : ESTIPONA
Timog *(South)*	:	Barangay : NAYA
Silangan *(East)*	:	Barangay : POBLACION 1
Kanluran *(West)*	:	Barangay : SINGAT,GERONA

- Uri/Klasipikasyon ng Barangay: / Rural

- Kabuuang Lawak ng Lupain 108 Hektarya

Ang Barangay POROC ay mayroong isang (1) Barangay Hall, at isang(1) DayCare Center at isang (1) Basketball Court na ginagamit ng mga kabataan, dito ay iminumulat sa larangan ng mga palakasan, upang mailayo sa masasamang bisyo.

Ingles, Pilipino at ilokano ang wikang ginagamit habang tagalog naman ang gamit sa pakikipag-usap sa mga tao.